

Sino kami?

Kami ang mga magulang at mga kaibigan ng mga lalaki at babaeng Homoseksuwal at bahagi ng komunidad. Ang ilan sa aming mga pamilya ay maaaring malaki, ang ilan ay maliit - ang ilan sa amin ay kasal - ang ilan ay biyudo/biyuda - ang ilan ay diborsiyado/diborsiyada - ang ilan ay nag-iisa. Ang aming mga hanapbuhay ay magkakaiba katulad ng aming mga personalidad at ng aming naabot na antas sa pag-aaral.

Nguni't kami ay may pangkaraniwang pagkakaisa.

"Ang isang taong aming minamahal at pinangangalagaan ay isang Homoseksuwal na lalaki o babae".

Ano ang aming ginagawa:


- Nagdaraos ng buwanang pulong pansuporta.
- Nagbibigay ng isang ligtas, magiliw na lugar kung saan ang lahat ng mga kalahok ay makakapag-usap nang hayagan.
- Nagmamantina ng isang aklatan para sa mga libro, mga video at mga babasahing makatutulong upang mabigyan ng edukasyon ang mga magulang at iba pa tungkol sa mga isyung kaugnay ng pagiging homoseksuwal.
- Naglalathala ng isang buwanang pahayagan at nagbibigay ng impormasyon sa pamamagitan ng telepono.
- Lubos naming iginagalang at isinasaalang-alang ang pagiging kompidensiyal ng bawa't isa.


Ang homoseksuwal na mga tao ay nasa lahat ng dako


Ipinakikita ng mga pag-aaral na 10% ng populasyon sa daigdig ay homoseksuwal. Ang homoseksuwal na mga lalaki at mga babae ay mula sa mga pamilya, mula sa lahat ng sulok ng mundo at mula sa bawa't kultura, mga etnikong grupo, mga antas ng lipunan at ekonomiya. Ang ilang mga homoseksuwal na lalaki at babae ay pumapaloob sa tinatawag na espesyal na mga katagorya, ngunit ang karamihan ay kapareho at kumikilos nang tulad sa mga taong mula sa nakararaming mga heteroseksuwal. Ang pisikal na anyo at mga ugali ay walang kinalaman sa seksuwalidad ng isang tao. May kilala kaming parang lalaking mga babae at kilos-babaeng mga lalaki na hindi homoseksuwal.

Ang mga homoseksuwal ay may likas na pagkatao

Ang pagiging homoseksuwal ay hindi pinipili, katulad ng pagpili ng mga damit o linya ng trabaho. Walang nakakaalam kung paano tinitiyak ang seksuwal na oryentasyon ng tao. Sa mga talakayang naganap sa maraming taon, natuklasan ng mga magulang at mga kaibigan ng mga taong homoseksuwal ang mga sumusunod:

 **Ang batang homoseksuwal ay kadalasang alam ang kanilang oryentasyon sa napakabatang edad pa lamang**

 **Walang simumang bata ang hinikayat o tinuruang maging homoseksuwal ng sinumang ibang tao**

 **Ang ikinatatakot ng mga pamilya na 'mahawa' sa pagiging homoseksuwal o marekluta ay tunay na walang siyentipikong batayan. Sa mga pamilyang ang mga pagsisikap na maging heteroseksuwal ang homoseksuwal na mga bata ay nabibigo ang lahat ng mga pagtatangka.**

Ang homoseksuwal na mga tao ay bahagi ng pamilya

Ang isa sa bawa't apat na pamilya ay may isang miyembrong homoseksuwal. Ang aming mga anak na lalaki at babaing homoseksuwal ay may mga magulang, mga nuno, mga kapatid na babae at lalaki, mga pinsan, mga tiyuhin, mga pamangking babae at lalaki na kanilang minamahal at pinangangalagaan. Ang di-pagtanggap sa isang homoseksuwal na tao at ang paglayo ng damdamin ng kaniyang pamilya ay isang malungkot na pangyayari para sa bawa't taong nasa malapit o karagdagan yunit ng pamilya. Natural na hindi ito kailangan.

Maaari bang makilala ang isang homoseksuwal?

HINDI! Ang lahat ng homoseksuwal na mga tao ay hindi nagsimula bilang tomboy na mga babae at binabaeng mga lalaki. Maraming heteroseksuwal na mga tao ang nakapaloob sa paglalarawang ito bilang mga bata. Ang pagkakatagorya ng mga bata at mga matanda sa pamamagitan ng kanilang mga ugali at pagkilos ay maaaring humantong sa maraming mapanlinlang na paghuhusga na maaaring magawa.

Ang homoseksuwal bang mga tao ay mas malamang na magmolestiya ng mga bata?

HINDI! Halos 90% ng mga kasalanang nauukol sa kasarian ay kagagawan ng mga lalaking matanda laban sa batang babae karamihan sa isang pampamilyang kalagayan. Karamihan sa mga kalalaking nagkakasala laban sa mga batang lalaki ay nagkasala din laban sa mga batang babae sa nakaraan. Kaunti lamang na mga kababaihan, kabilang ang homoseksuwal na babae, ang nakapaloob sa mga krimeng ito. Karamihan sa mga homoseksuwal ay wala ng higit pang seksuwal na interes di katulad ng mga heteroseksuwal, kaya ang isang bata ay hindi kailangan ang espesyal na pangangalaga mula sa isang homoseksuwal na tao. Ang mga bata ay kailangan ng proteksiyon mula sa lahat ng seksuwal na pang-aabuso.


Maaari bang malito ang isang tao tungkol sa kaniyang seksuwalidad?

Ang mga homoseksuwal ay kadalasang nalilito tungkol sa kanilang mga damdaming homoseksuwal dahil sila ay naninirahan sa isang heteroseksuwal na daigdig. Ang lahat ng bagay ay nakatuon para sa isang heteroseksuwal na buhay pampamilya. Ang mga pakiramdam na di pagnanais na maging bahagi ng isang heteroseksuwal na uri ng buhay ay maaaring nakakalito. Nguni't ang Homoseksuwal na mga tao ay hindi nalilito tungkol sa kanilang nararamdaman para sa mga taong pareho ang kasarian. Ang kanilang pagkaakit sa parehong kasarian ay kasing lakas ng seksuwal na pagkaakit sa pagitan ng mga heteroseksuwal, na may parehong antas ng pagkakaiba ng mga damdamin. Sa isang dulo ng timbangan may mga di-pirmihang seksuwal na mga relasyon at sa kabilang dulo ay ang mga may pangako para sa pangmatagalang panahon na pakikipagrelasyon.

Alam namin na ang homoseksuwal na mga tao ay malulusog na mga tao

Ang pagiging homoseksuwal katulad ng pagiging heteroseksuwal, sa ganang sarili niya ay hindi isang pangkaisipan o pang-emosyonal na sakit. Ang homoseksuwal na mga tao ay namumuhay nang may pagkakaiba katulad din ng mga heteroseksuwal na mga tao. Sila ay nagtatatag ng matibay, pangmatagalang panahong mga relasyon, gumagawa ng lahat ng uri ng hanapbuhay, nanood ng TV, namimili, naglalaro ng sports, bumoboto at nagbabayad ng buwis.

Tagalog
**PFLAG WESTERN SYDNEY
INCORPORATED**



**Pinananatiling magkakasama ang mga
pamilya**

Ang Isang Taong aming Minamahal at
Pinangangalagaan ay isang Homoseksuwal

Para sa karagdagang Impormasyon

Tumawag sa:

Sydney
PFLAG Linyang Pang-impormasyon (02) 9294 1002

Western Sydney
Rudy & Mary (para lamang sa nagsasalita ng wikang
Ingles) (02) 9602 9547
Mollie (para lamang sa nagsasalita ng wikang Ingles)
(02) 9630 5681

P.O. Box 5027 Kingsdene NSW 2118

Web: www.pflagaustralia.org

Kami ang mga magulang at mga kaibigan ng mga
homoseksuwal na babae at lalaki.

Kami ay nakalaang tumulong sa ibang mga
magulang upang matutuhan ang aming
natutunan, at upang tumulong na mabago ang
mga pakikitungo at maglikha ng kapaligirang
may pag-unawa, upang sa gayon ang lahat ng
homoseksuwal na mga tao ay maaaring
mabuhay nang may **dignidad at respeto**.

Inaanyayahan namin kayo na makibahagi sa
aming kaalaman, na mawalan ng takot, at upang
makapag-'reach out', magsaliksik at
makatuklas nang higit pa tungkol sa **pagiging
tao**.

Hinihimok namin ang mga magulang at lahat ng
mga miyembro ng pamilya ng homoseksuwal na
mga lalaki at babae na tumawag sa amin upang
makipag-usap, magtanong, at dumalo ng aming
mga pulong. Ang mga nakikilahok dito ay
makakaranas ng isang kompidensiyal, magiliw
at may suportang kaayusan kung saan maaari
nilang ibahagi ang kanilang mga alalahanin sa
iba at makadama ng **ginhawa at muling
pagbibigay-tiwala**.





Ang PFLAG ay nagbibigay ng napakagandang
pagkakataon para sa mga pamilya, mga kaibigan
at homoseksuwal na mga tao na matuto at
magkakasamang umunlad.

Ang PFLAG Western Sydney Inc.
ay nagpupulong tuwing ika-apat na Miyerkoles ng
bawa't buwan
sa ika - 7.30 n.g.
sa Wesley Conference Centre
Cnr Hawkesbury & Queen Rds
Westmead
(Halos 5 minuto mula sa Istasyon ng Westmead)

Hulyo 2003

Pinananatiling magkakasama ang mga pamilya

Ito ay isang malaking layunin ng mga grupo ng
PFLAG. Maraming mga magulang ang
nakakaramdam ng pagiging mag-isa at hindi
nakakatiyak kapag napag-alaman nila na ang kanilang
anak na lalaki o babae ay homoseksuwal. Parating
tinatanong ng mga magulang sa kanilang mga sarili
ang mga sumusunod:

-  **Kasalanan ba natin ito?**
-  **Ano ang magagawa natin?**
-  **Sino ang maaari nating kausapin?**
-  **Saan tayo maaaring pumunta?**

Ang Pflag ay narito upang magbigay ng tulong,
suporta at impormasyon sa mga pamilya, mga
kaibigan at lahat ng homoseksuwal na mga tao.

Inirerekomendang babasahin:

My Child is Gay (Ang Aking Anak ay Homoseksuwal)
Bryce McDougall
(Allen & Unwin 1998)

Beyond Acceptance (Sa Kabila ng Pagtanggap)
CW Griffin, M & A Wirth
(Prentice Hall Inc. 1986)

Invisible Families (Di-nakikitang Mga Pamilya)
Terry Stewart
(Tandem Press 1955)

Coming out to Parents (Pagtatapat sa mga
Magulang)
Mary V. Borhek
(Pilgrim Press 1993)

**Kinikilala na may pagpapasalamat ng PFLAG
Western Sydney ang tulong na pondo mula sa
Konseho ng Siyudad ng Parramatta
Mga Panukalang Pagkakaloob sa Komunidad
2003-04**